# MAGNANAKAW
**ni Michael M. Coroza**

Tulad ng nasusulat, dumarating
Siyang walang pasabi
Kung kailan sinlalim ng gabi
Ang ating kawalan
Ng pag-intindi.

Dilim siyang nakapaglalagos
Sa lahat ng ating pasadyang
Pag-iingat, nakapaghahalungkat
Sa bawat lingid na silid o sulok
Ng ating mga lugod at pag-iimbot.

Ginigising táyo ng alinsangang
Dulot ng kaniyang pangahas
Na hininga ngunit dagling
Naglalaho siya sa pagmulat
Ng ating pangamba.

Napapabalikwas ang ating
Tákot, at kahit bantulot,
Hinahagilap natin ang ikinubling
Tapang, iniuumang saanman
May hinalang kumaluskos.

Ngunit tulad ng dapat
Asahan, tanging tagumpay niya
Ang ating nasusumpungan
Sa pinto o bintanang
Kaniyang dinestrungka.

Malaking puwang sa ating
Loob ang iniiwang bakás
Ng kaniyang pagdalaw sapagkat
Tinatangay niya pati ang liwanag
Sa pálad nating binutas ng bagabag.

**Tala Tungkol sa Makata**

Si MICHAEL M. COROZA ay premyadong makata, mananaysay, kuwentistang pambata, at tagasaling pampanitikan. Bukod sa pagkakamit ng walong pangunahing gantimpala sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, tinanggap niya mula sa Kaharian ng Thailand ang Southeast Asia Write (SEAWRITE) Award noong 2007. Awtor siya ng tatlong aklat ng tula—*Dili't Dilim* (1997), *Mga Lagot na Liwanag* (2002), at *May Di-Mawaglit na Awit* (2020)—at apat na kuwentong pambata—*Imbisibol Man ang Tatay* (2009), *Ang mga Kahon ni Kalon* (2010), *Ang mga Lambing ni Lolo Ding* (2015), at *Nawawala si Muningning!* (2015). Kasalukuyan siyang Full Professor sa Kagawaran ng Filipino, Paaralan ng Humanidades, Pamantasang Ateneo de Manila. Siya ngayon ang tagapangulo ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL).

Ang "Magnanakaw" ay mula sa kaniyang aklat na *Mga Lagot na Liwanag* (2002). Nalathala rin ito sa *Sansiglong Mahigit ng Makabagong Tulang Filipino* (2006) at *Hiyas ng Tulang Tagalog* (2015) na parehong si Virgilio S. Almario, Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan, ang editor.